**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 3 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Udejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ...... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 057-T'99

KAPASIYAHANG INILILIPAT ANG HALAGANG P15,791.30 MULA SA LAANG PONDO SA COMMUNICATION SERVICE (P3,375.00), HALAGANG P9,000.00 MULA SA REPAIR AND MAINTENANCE OF OFFICE EQUIPMENT AT HALAGANG P3,416.30 MULA SA PONDO SA MEDICO-LEGAL PARA SA UNANG BAHAGI NG TAON BILANG KAPUPUNAN SA NATURANG HALAGANG GAGAMITIN SA PAGBILI NG "SUPPLIES AND MATERIALS" PARA SA UNANG BAHAGI NG TAONG ITO NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG KALUSUGAN (RHU I).

SAPAGKA'T, may kahilingan ang Pambayang Pinuno sa Kalusugan na makapaglipat ng pondo ng kanilang tanggapan at mapunan ang pangangailangan bilang karagdagang gugulin ng kanilang tanggapan, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inilipat sa sangguniang ito para sa pagbibigay ng kaukulang pansin at pagpapatibay;

SAPAGKA'T, matapos ang mga pagsusuri, pag-aaral, pagtutuwid at paglalakay sa naturang paglilipat ng pondo ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG
PONDO BLG. 04-T'99

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

SEKSYON I - Ilaan ang halagang P15,791.30 mula sa laang pondo sa Communication Service na nagkakahalaga ng P3,375.00, halagang P9,000.00 mula sa Repair and Maintenance of Office Equipment at halagang P3,416.30 mula sa pondo sa Medico-Legal para sa unang bahagi ng taon (1st quarter) bilang kapupunan sa inilaang halagan para sa pagbili ng "supplies and materials" para sa unang bahagi ng taon (1st quarter) ng Tanggapan ng Pambayang Kalusugan (RHU I), sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

SEKSYON II - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGTITIBAY:

PINAGPASIYAHAN PA RIN: Na bigyan ng kapangyarihan ang Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Badyet na makapagsagawa ng kaukulang pamamaraan sa paglalaan ng pondong nabanggit ayon sa patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Tanggapan ng Pambayang Kalusugan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

ISINABATAS AT PINAGTIBAY. Ika-3 ng Marso, 1999.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN O
RECORDED
BY: W
DATE 3-10
STA. CRUZ, LAGUNA